

## ***Mga Serbisyo ng Rehabilitasyon Rehabilitation Services***

### **Mga layunin**

- Upang tulungan ang mga tao na may mga kapansanan upang maging mga ganap na miyembro ng komunidad sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanilang mga kakayahang pisikal, pangkaisipan at panlipunan sa pinakamataas na antas at sa pamamagitan ng pagtataguyod ng kanilang integrasyon sa komunidad.
- Nagbibigay ang Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan (SWD) at mga organisasyon na hindi pamahalaan (mga NGO) ng malawak na hanay ng mga serbisyo ng rehabilitasyon kasama ang mga Serbisyo ng Rehabilitasyon Bago ang Paaralan; mga Serbisyo ng Rehabilitasyong Bokasyonal; Pangangalaga na Pantahanan; at Pangangalaga sa Araw at Suporta ng Komunidad.

### **Objectives**

- To assist persons with disabilities to be full members of the community by developing their physical, mental and social capabilities to the fullest extent and by promoting their integration into the community
- Social Welfare Department (SWD) and non-governmental organisations (NGOs) provide a wide range of rehabilitation services including Pre-school Rehabilitation Services; Vocational Rehabilitation Services; Residential Care; and Day Care and Community Support.

### **Mga Saklaw na Serbisyo Scope of Services**

- **Mga Serbisyo ng Rehabilitasyon Bago ang Paaralan**  
Upang magbigay sa mga bata, mula sa kapanganakan hanggang saw ala pang edad na anim na hindi pa nagsisimula ng primaryang pag-aaral, na may mga kapansanan o nasa peligro ng pagiging may kapansanan na may maagang interbensiyon upang pagbutihin ang kanilang pisikal, sikolohikal at panlipunang pagpapaunlad, nang sa gayon mapahusay ang kanilang mga oportunidad para sa pakikilahok sa mga ordinaryong paaralan at mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay at matulungan ang kanilang mga pamilya na tugunan ang kanilang mga espesyal na pangangailangan.

#### **Pre-school Rehabilitation Services**

To provide children, from birth to under the age of six who have not yet started primary schooling, with disabilities or at risk of becoming disabled with early intervention to enhance their physical, psychological and social developments, thereby improving their opportunities for participating in ordinary schools and daily life activities and helping their families meet their special needs.

- **Mga Serbisyo ng Rehabilitasyong Bokasyonal**

Upang mapabuti ang kapasidad sa pagtatrabaho ng mga tao na may kapansanan, at upang pangyarihin sila na makakuha, mapanatili at sumulong sa angkop na trabaho at sa gayon upang lalong ma-integrate sa komunidad

**Vocational Rehabilitation Services**

To enhance the working capacity of persons with disabilities, and to enable them to secure, retain and advance in suitable employment and thereby to further integrate into the community.

- **Pangangalagang Pantahanan**

Upang magbigay ng angkop na pangangalagang pantahanan at mga kinakailangang serbisyo sa pagsasanay at suporta para sa mga taong may mga kapansanan na hindi maaaring mamuhay nang nagsasarili at ang mga taong hindi maaaring sapat na maalagaan ng kanilang mga pamilya, na may tanaw sa pagpapabuti ng kanilang kalidad sa buhay at pagtulong sa kanilang bumuo ng mga kasanayan sa nagsasariling pamumuhay.

**Residential Care**

To provide appropriate residential care and necessary training and support services for those persons with disabilities who cannot live independently and those who cannot be adequately cared for by their families, with a view to improving their quality of life and helping them develop independent living skills.

- **Pangangalaga sa Araw at Suporta sa Komunidad**

Upang gawing available ang pagsasanay at suporta sa mga taong may mga kapansanan bilang pagtugon sa kanilang mga pangangailangan, na tinutulungan sila sa pagbuo ng kanilang potensiyal, na pinapangyari sila na patuloy na mamuhay nang nagsasarili sa bahay at hinahanda sila sa ganap na integrasyon sa komunidad. Nilalayan din ng mga serbisyong ito ang pagpapalakas sa kapasidad ng pangangalaga ng mga tagapag-alaga at pag-ibsan ng kanilang stress upang sa gayon makapagbigay ng mas mahusay na kalidad ng buhay para sa mga taong may mga kapansanan at ang kanilang mga sarili.

**Day Care and Community Support**

To make available training and support to persons with disabilities in response to their needs, assisting them in developing their potential, enabling them to continue to live independently at home and preparing them for full integration into the community. These services also aim at strengthening the carers' caring capacity and relieving their stress so as to provide a better quality of life for persons with disabilities and themselves.

Ang mga indibidwal o mga pamilya na nangangailangan ng karagdagang impormasyon o nangangailangan sa mga serbisyo sa itaas ay maaaring lumapit sa mga Yunit ng mga Medikal na Panlipunang Serbisyo (kung tumatanggap ng mga serbisyo sa mga ospital) o sa malapit na Sentro ng Integradong Serbisyo sa Pamilya (IFSC). Impormasyon sa listahan ng IFSC at mga kontak ay available mula sa :

Individuals or families requiring further information or in need of the above services can approach the Medical Social Services Unit (if receiving services in hospitals) or nearby Integrated Family Service Centre (IFSC). Information on the list of IFSC and contacts are available from:

Hotline ng Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan (24 na oras)	2343 2255
Social Welfare Department Hotline (24 hours)	
Numero ng Pagtatanong sa Fax	2763 5874
Fax Enquiry Number	
Leaflet ng Impormasyon sa Website sa IFSC	<a href="http://www.swd.gov.hk">http://www.swd.gov.hk</a>
Website Information leaflet on IFSC	

Kagawaran ng Panlipunang Kapakanan  
Nobyembre 2021

Social Welfare Department  
November 2021